

KAPehan sa Barangay

Kasali ka na, Kasalo ka pa!

• Ano ang barangay?



Ang barangay ang **pinakapundasyon** ng ating bansa. Dito pinapanday ang mga plano, programa at proyektong pang komunidad.

• Sino ang namumuno sa isang barangay?



Ang Punong Barangay ang pinakapuno sa isang barangay. Mas kilala sya sa tawag na **Kap** o Kapitan.

• Sinu-sino ang katuwang ni Kap sa pamamahala?



Katuwang ni Kap ang 7 kagawad at ang SK Chairman. Sila ang bumubuo ng **sangguniang barangay**

• Anu-ano ang mga kapangyarihan ni Kap?



Parang KAPeng 3-in-1, si Kap ang:

- Punong Ehekutibo
- Presiding Officer ng Sangguniang Barangay (SB)
- Chairman ng Lupong Tagapamayapa

• Paano pinipili ang mga pinuno ng barangay?



Sa pamamagitan ng **halalan** iniluluklok ang mga pinuno ng barangay. **Pagtatalaga** naman sa ilang pagkakataon.

• Anu-ano ang mga katangiang dapat taglayin ng isang namumuno?



Ang isang namumuno ay hindi lamang dapat matalino, dapat siya ay **Mahusay Na, Matino Pa.**

Gabay Sa Mga Botante:

Huwag magpasilaw sa pera.
Huwag padala sa bokadora.
Huwag magpatakot.
Labanan ang katiwalian.
Panatilihin non-partisan ang halalan.
Suriing mabuti ang mga kandidato.
Igalang ang opinyon ng ibang tao.
Bumoto ayon sa iyong konsensya.
Gawing sagrado ang iyong boto.



Paano masasabing “Mahusay at Matino” ang isang namumuno?

MAHUSAY siya kapag:

M-odelo sa Kalinisan at sa Pangangalaga ng Kalikasan.

- ◆ nagpapatupad ng segregasyon sa basura
- ◆ pinapanatiling malinis ang mga kanal
- ◆ sinusugpo ang mga posibleng pamahayan ng lamok
- ◆ pinatutupad ang batas para sa stray animal o ligaw ng mga hayop
- ◆ nagtatanim ng mga punong kahoy



A-lerto sa Oras ng Peligro.

- ◆ laging nakahanda ang mga gamit pangkaligtasan
- ◆ may organisadong volunteers at rescuers
- ◆ nagsasagawa ng mga pagsasanay sa tamang pagrescue



H-anep sa Hanap-buhay.

- ◆ nagbibigay ng pagsasanay na teknikal o vocational
- ◆ naglalaan ng mga livelihood programs
- ◆ tumutulong sa pagpaparehistro ng mga kasambahay



U-na sa Serbisyonang Panlipunan.

- ◆ may Day Care Center na pinapatakbo ng barangay
- ◆ sumusuporta sa mga programang pangkalusugan
- ◆ hinihikayat ang mga tao sa paggamit ng halamang gamot
- ◆ pinapanatili ang sanitasyon



S-ubok sa Kapayapaan at Kaayusan.

- ◆ pinaigting ang pagpapatrolya
- ◆ sinisigurong may tanod ang mga itinayong outposts
- ◆ isinasaayos ang trapiko
- ◆ pinapanatiling may ilaw ang mga poste
- ◆ pinagbabawal ang pag-iinuman sa mga kalsada
- ◆ dinidisciplina ang mga batang hamog
- ◆ sinusugpo ang paglaganap ng mga Informal Settlers



A-ngat sa Larangan ng Palakasan (Sports)

- ◆ nagsasagawa ng paliga
- ◆ naglalaan ng mga gamit pampalakasan



Y-umayabong ang mga Programa sa Sining at Kultura.

- ◆ dumadalo sa mga tradisyonal na pagdiriwang
- ◆ nakikiisa sa paggunita ng mga makasaysayang araw
- ◆ isinusulong ang mga karapatan ng mga katutubo



MATINO siya kapag:

M-ataas ang pagpapahalaga sa pananagutan (accountable).

- ◆ ginagamit lamang ang sasakyan ng barangay sa opisyal na lakad
- ◆ pinamamahagi ng tama ang mga relief goods
- ◆ isinasagawa nang wasto ang biding sa mga proyekto



A-garang umaaksyon sa tawag ng pangangailangan (responsive)

- ◆ bukas ang barangay hall bente kwatro oras.
- ◆ palagiang may naka-duty sa barangay
- ◆ maagap o mabilis magresponde sa gulo at sakuna
- ◆ hindi nagtuturuan ng responsibilidad ang mga opisyal ng barangay



T-apat sa serbisyo at bukas sa publiko (transparent).

- ◆ isinasagawa ang Barangay Assembly Day
- ◆ nagdaraos ng pampublikong konsultasyon sa pagpasa ng ordinansa
- ◆ may billboard ang bawa't proyekto
- ◆ nakapaskil ang kita at gastos ng barangay



I-niuugnay ang bawa't isa at hinihimok na makilahok (participatory).

- ◆ may mga nakatalagang purok coordinators
- ◆ dumadalo ang iba't-ibang sektor sa mga pagpapalano
- ◆ nakikilahok ang mga mga kabataan sa programa ng barangay



N-agpapamalas palagi ng mga pamamaraang katangi-tangi. (innovative).

- ◆ nagsasagawa ng mga hindi tradisyonal na programa
- ◆ may maayos na sistema ng mga transaksyon sa barangay
- ◆ nangangalap ng karagdagang pondo para sa barangay sa tamang paraan



O-key siya sa pakikipagtambalan (partnership).

- ◆ pinapalakas ang Ugnayan ng Barangay at Simbahan (UBAS)
- ◆ nagpapatupad ng mga proyekto sa tulong ng pribadong sektor
- ◆ nakikipagtulungan sa ibang mga barangay (sisterhood)



8. Subukang Lagyan ng Marka:

MGA KATANGIAN	MARKA		KOMENTO
	PASADO (/)	BAGSAK (X)	
Modelo sa Kalinisan at sa Panggalaga sa Kalikasan.			
Alerto sa Oras ng Peligro.			
Hanep sa Hanap-buhay.			
Una sa Serbisyonang Panlipunan.			
Subok sa Kapayapaan at Kaayusan			
Angat sa Larangan ng Palakasan (Sports).			
Yumayabong ang mga Programa sa Sining at Kultura			
Mataas ang pagpapahalaga sa pananagutan (accountable)			
Agarang umaaksyon sa oras ng pangangailangan (responsive).			
Tapat sa Serbisyo at Bukas sa Publiko (transparent)			
Iniuugnay ang bawat isa at hinihimok na makilahok (participatory)			
Nagpapamalas palagi ng mga pamamaraang katangi-tangi (innovative)			
Okey siya sa pakikipagtambalan (partnership)			
TOTAL			

- 😊 Naka—NGITI - mas marami ang PASADO
😞 Naka—NGIWI - mas marami ang BAGSAK